

1

“Ayy!”

Ang malakas na tiling iyon ay pumailanlang sa berdeng tanawin ng halos walang hanggang lupain na tinatanaw ni Lloyd. At ang tinig ay unti-unting tinangay ng hangin patungo sa malawak na taniman ng pinya sa *Hacienda del Rio*. Bumulagta sa natitiyak niyang maputik pang daan ang babaeng sakay ng scooter nito dahil katatapos pa lamang ng ulan.

Agad na napahinto sa paglalakad si Lloyd at tumingkayad mula sa kabilang daan kung saan siya naroon. Nawala sa kanyang paningin ang kanina pa pinagmamasdang babae sa di-kalayuan. Tila isa itong diwata na naglalakbay sa gitna ng mga berdeng tanawin. Nililipad ang lampas-balikat, unat at tila napakapinong buhok ng hanging sinasalubong nito dahil sa mabilis na pagpapatakbo ng sasakyan.

Tumalon pa siya nang medyo mataas para sipatin ang nawalang babae sa kanyang paningin. Ngunit hindi na niya ito muling nakita pa. Ipinagpatuloy niya ang paglalakad. Maya’t maya ay lumilingon siya, nagbabakasakaling muling makita o matanaw ang babae kung saang panig ito naroon. Kung aling

daan ang tinahak nito patungo sa gitna ng taniman.

Sa kanyang paglingong muli bago umikot sa kabilang daan ay napakunot-noo siya. Ang tinutumbok ng mga mata ay ang daang posibleng tinatahak kanina ng babae upang makapunta sa gitna.

His eyes narrowed. Kasabay ng tila pagtulak sa kanya upang tumakbo patungo sa gitnang bahagi ng pinyahan.

Mabilis ang kanyang galaw at hindi maalís ang tingin sa nakita sa gitna ng daan kahit nasisilaw siya sa liwanag ng silahis ng papalubog na araw. Naroon ang hinahanap niyang babae. Tila wala sa ayos ang kondisyon sa kinalalagyan nito sa gilid ng madulas na daan. Tumakbo siya subalit maingat dahil baka pati siya ay madisgrasya rin katulad nito.

“Ano’ng nangyari sa’yo?” agad na untag ni Lloyd bago pa man makalapit sa babaeng hindi nakikilala.

Marahang gumalaw ang babae sa pagkakadapa. Ngunit hindi nito magawang tumihaya gamit ang sariling lakas mula sa mahaba at may kaliitang mga braso.

Umungol ito. “Huwag ka nang magtanong diyan dahil nakikita mo na. Help me. Angatin mo iyang

nakadagan sa binti ko,” angil nito.

Napailing si Lloyd mula sa sandaling pagkalito sa nakitang ayos ng sa tingin niya ay hindi ordinaryong babae lamang ng hacienda. Halata iyon sa mga braso nitong maputi at makinis na parang hindi nasisinagan ng araw. Subalit ang pag-angil nito ang nagpahinto sa pag-analisa niya. Napailing siya sa sarili.

Ito na nga ang nangangailangan ng tulong, pero mukhang galit pa.

“Yes, your *highness*,” bahagyang yumukod pang saad niya. Inangat niya ang kalahati ng scooter na nakadagan sa kaliwang binti nito. “Kung bakit kasi ang lakas ng loob mong magmaneho ng ganitong klase ng sasakyan, hindi ka pa pala marunong magbalanse,” he said with distaste at pabagsak na itinayo ang motor nito sa kabilang tabi na muntik pang mabuwal muli patungo sa dalaga.

“Madulas kaya ang daan,” she reasoned.

Agad na pumihit ang binata at tinunghayan ang babaeng nagsisikap na itayo ang sarili. But she moved with discomfort.

“Stay...” awat niya rito. Napailing siya. “Nagalusan ang makinis mong binti, your highness,” komento niya habang dinaanan ng tingin ang pasa na namumuo

na sa maputi nitong binti.

Yumuko siya at hinawakan sa dalawang balikat ang nakadapang babae. His hands felt the soft flesh of her shoulder blades.

“Tutulungan na kitang tumayo.” Muntik pang mabuwal ang babae nang agad niyang bitiwang matapos itong alalayan. Ngunit agad din niyang hinawakan itong muli sa balikat.

She straightened herself. Paikang pumihit ito paharap kay Lloyd.

“Sa susu....” hindi na naituloy ni Lloyd ang pagsita sana sa babae.

He was facing a very beautiful face—perhaps, a fallen angel in distress. The eyes that were staring back at him are brown with silver dust. Tila sinisino siya nito. Her nose was proudly upturned; pinkish sweet lips. No touch of makeup. All natural.

Sa tantiya niya, halos kasing-edad niya ito.

At parang nais niyang mangiti na tinawag niya itong ‘your highness’ dahil sa paningin niya, tila ito prinsesa ng mga anghel.

“Thank you,” sabi nito at agad na pumihit subalit napangiwi nang humakbang. Agad itinukod nito ang

isang paa. “I can’t make it, may masakit.” Lumington ito sa paligid ng malawak na pinyahan bago muling tumingin kay Lloyd. “Taga-rito ka sa hacienda?”

Tumango siya na tila namamalik-mata.

“Thatid mo na lang ako pauwi, puwede?” It was half-command and half-request.

Nagkibit-balikat si Lloyd nang makuha ang ibig sabihin ng kaharap. Inalalayan niya ito palapit sa scooter nito. Napatingin sa kanya ang dalaga at bahagyang umiling.

“Masakit ang binti ko. Hindi ko maiangat.”

Walang nagawa ang binata, pabuhat na isinampa niya ito sa motor. At ewan ba niya, he did it with so much care. Huminga siya nang malalim bago pumuwesto sa likuran nito.

“Saan kita ihahatid?” tanong niya habang humahawak sa grip ng motor. His arms enclosed the body that was so soft, warm and scented with rose and jasmine.

“Sa malaking bahay.”

At kasabay ng pag-andar ng motor palayo sa pinyahan, tila sumabay rin ang isip ni Lloyd patungo sa kawalan. Parang isang panaginip ang kanyang

kinaroroonan, isang maganda at romantikong pelikula. He was the hero, and she was the heroine. And their story was about to happen habang marahang tumatakbo ang minamaneho niyang motorsiklo.

Naikiling niya ang ulo.

“Headache?” tanong ng dalaga sa kanyang unahan. Nagulat pa siya nang makitang nakatingin sa kanya sa salamin ang kulay-lupang mga mata nito.

“No.”

Napanganga ang binata nang mapansin ang lugar na itinuro ng dalagang paghahatiran niya rito. Iyon ang malaki at napakagandang bahay sa bukana ng hacienda, ang *Villa Del Rio*.

Kalat na ang dilim nang sapitin nila ang mataas na bakod nito subalit napapalibutan ng maraming ilaw ang bahay. Sa kanilang paghinto ay patakbong lumapit ang may katandaang babae. Larawan ng pag-aalala ang mukha nito na tila sadyang ang dalagang nasa unahan niya ang hinihintay.

“Nica! Saan ka ba nagsusuot na bata ka,” nag-aalala nitong bungad sa dalaga sa mahinang tinig. Lumingon ito sa likuran. “Naku, kanina pa naghihintay

ang papa mo at muntik na akong mapagalitan dahil pinayagan kitang mamasyal nang nag-iisa.” Kunot-noo itong tumingin sa kanya.

“Naaksidente po siya sa daan. Nadulas lang naman dahil maputik po ang daan ngayon sa pinyahan,” agad na saad ni Lloyd at bumaba ng motor. Inalalayan ang hindi nakikilalang dalaga sa pagbaba nito sa sementadong daan papasok ng gate.

“It’s all right, Yaya. Walang nangyaring masama. Medyo masakit lang ang binti ko.”

“Mabuti at naku, sinasabi ko na nga ba. Dapat may kasama ka at hindi iyang motorsiklo mo ang sinasakyan mo. Halika na at tutulungan na kita papasok. Maraming salamat, Hijo,” sabi nito matapos siyang balingan.

Tumango lamang si Lloyd at paatras na lumayo.

Ngunit bago tuluyang lumapat ang makapal na gate, lumingon sa kanya ang dalagang hindi na nakuhang magpasalamat at nginitian siya.

“Veronica!”

Galit at dumadagundong ang tinig ni Mr. Romano Del Rio habang tinatawag ang anak na tumayo

mula sa upuan nito sa harap ng mesa at tumalikod. Patakbong tinungo ng babae ang hagdanan paakyat sa silid nito.

“Hayaan mo na siya, Roman. Nabigla lang ang anak mo.” Malambing na tinapik ni Magda ang kamay ng lalaking nakasunod pa rin ang tingin sa anak. “But come to think of it. Hindi ba sinabi mo sa isang paaralan ng mga madre nag-aaral ang anak mong ’yan? Santisima. Ganyan pala ang ugali ng nag-aaral sa....” Hindi na niya itinuloy ang sinasabi nang kunot-noong tingnan ng katabi.

“Mommy, your tongue,” nakangiting anang nasa kabilang panig ng mesa. Kumindat ito sa kanya.

“At ikaw nga pala, Viola. Anong oras ka na naman umuwi kagabi?” sita niya sa anak.

Patamad na uminom ng juice ang tinatanong.

“Maaga,” tipid nitong tugon at saka humikab. Nakangiti ang mga mata nito sa kanya na tila may nakatagong kung anuman sa likod niyon. Nagbabanta.

Bago pa sila nakapagsalita, tumayo na ang kasama nila sa mesa.

“Roman,” malambing na tawag ni Magda sa lalaki. Subalit tuluy-tuloy nang umalis ang huli at

lumabas ng bahay. Bahagya lamang nitong iwinasiwas ang kamay habang naglalakad palayo. Matikas ang tindig ng lalaki sa kabila ng edad nito.

Nang mawala na ito sa kanilang paningin ay ngumiti muli si Viola sa kanya at patagilid siyang tiningnan.

“What’s wrong?” singhal niya rito.

“Ikaw talaga, Mommy. Galit na nga ang Tito Roman, ginagatungan mo pa.”

Lumington siya sa paligid bago nagsalita. “Huwag kang makialam. It’s for our own good,” pabulong niyang sagot at buong paghangang pinagmasdan ang paligid ng marangyang dining room.

Tumaas ang isang kilay ni Viola. Naiiling na ngumiti ito sa ina. “Mind your own business, Mom. Si Veronica ay anak niya sa tunay niyang asawa.”

“Viola...”

“You’re not yet married. And I doubt if he would marry you.” Ibinaba nito ang baso at marahang tumayo mula sa kinaupuan. Tinalikuran ang nanlalaking mata ng ina. “Beware, Mom. Be careful.” Tumawa ito nang pahagikgik. “And one more thing, Mommy. Don’t ever question me kung anong oras na

ako umuuwi at kung ano ang ginawa ko. Remember magkakampi tayo, or else...” pahabol pa nito at kumindat pa sa kanya bago tuluyang tumalikod.

“Maldita.” Inis niyang tinanaw ang anak. Subalit marahas ding napalingon sa likuran nang may mapansing gumalaw. “Kanina ka pa diyan, Yaya Biring?” gulat niyang tanong sa matandang nasa likuran.

“Hindi, Magda. Ngayon lamang ako lumapit.”

“Ma’am Magda,” she corrected.

“Ang asawa ni Roman ay hindi nagpatawag ng ‘ma’am’ hanggang sa ito ay mamatay. Si Roman mismo kailanman ay hindi nagpatawag ng ‘sir’ sa akin, Magda. At si Veronica ay hindi din nagpatawag ng kung anuman pangalan.”

“Aba’t!”

“Tapos ka na?” anang matanda.

Nagpupuyos na tumayo siya mula sa mesa. “May araw ka rin sa akin, Yaya Biring. Tandaan mo ’yan.”

Tiningnan niya nang matalim ang matanda bago mabibigat ang mga hakbang na lumabas ng komedor. Ang tunog ng sapatos na suot niya ay tila ipinupukpok sa puting marmol na sahig.

“Yaya...”

Marahang umupo sa brass bed ang matanda at hinaplos ng butuhang kamay ang ulo ni Nica. Hinawi ng mga daliri nito ang ilang hibla ng buhok patungo sa likod.

“Nagdaramdam ka sa ’yong papa.”

Napakurap lamang siya, blinking back the tears in her eyes. Ibinaba sa kanyang tabi ang photo album na hawak.

Ginulo ng matanda ang magandang buhok ng dalagang nakasandal sa pinagpatong na mga unan. “Ayaw mo noon, may mommy ka na ulit?” nakangiting biro nito bago muling tumayo.

But she did not smile. Naluluha niyang hinugot sa album ang larawan ng ina, katulad ng dati niyang ginagawa kapag malungkot siya.

“Yaya, pakisabi kay Mang Dencio na ihanda ang motor ko,” bilin niya sa palabas nang yaya.

Si Yaya Biring niya ay para na ring isang ina sa kanya. Kasama na ito sa bahay ng mama niya noon pa mang dalaga pa ito.

Kunot-noong lumington ang matanda. “Hindi ka pa puwedeng mamasyal nang nag-iisa. Ang bilin ng iyong papa—”

“Hindi ako madidisgrasya, promise,” agad niyang putol dito. “Mag-iisang linggo na akong hindi lumalabas ng bahay. Sabi mo, maputla ako at isa pa, pakiramdam ko’y masikip ang bahay, Yaya. At lalo pa itong sisikip sa pagdaan ng araw.” May himig ng hinanakit ang tinig niya.

Tiningnan lamang siya ng matanda. Naroon sa mata nito ang pang-unawa. Alam niyang naiintindihan siya nito.

“Mag-iingat ka lamang, ah. Mapapagalitan na talaga ako ng ama mo kapag may nangyari sa ’yo.”

“Bye,” paalam niya.

Wearing her black shorts, pink shirt and white rubber shoes, pinasibad na naman ni Veronica ang scooter.

“Mag-ingat ka ha. Pag may nangyari sa ’yo, ako ang malilintikan sa papa mo,” pahabol pang sigaw ng matanda. Hindi ito pumayag na aalis siya nang walang suot na helmet.

“I will!” masaya niyang tugon at kumaway pa rito.

Mamamasyal siyang muli sa malawak nilang lupain, ang *Hacienda Del Rio*.

Siya, si Veronica, ang nag-iisang anak ni Romano Del Rio sa namayapa na nitong asawa na si Veronique.

Palibhasa ay matagal na namalagi sa Maynila upang doon mag-aral, kinasasabikan niya ang sandali na igugugol sa pamamasyal sa hacienda kapag may pagkakataon.

Tila siya isang dayuhan sa kanilang lupain. May pagkakataon pa na ang ilang tao roon ay hindi siya nakikilala.

Nang makalabas sa malawak na bakuran ng villa ay parang isang ibong nakawala muli si Veronica. Ibang daan naman ang tinahak niya—ang malawak na niyugan.

Nasa bukana pa lamang siya nang mapansing abala ang mga tauhang naroon.

Harvest season, naisaloob niya nang makita ang nagkalat na tumpok ng buko sa daan.

Karamihan sa naroon ay napatingin sa paparating na motorsiklo. Sinisino ang maputing babaeng sakay nito na natatakpan naman ang mukha.

At lihim na napangiti ang dalaga sa nakikita. Tinutumbok niya ang daan patungo sa lalaking nagtanggag ng malapad na sombrero nasa ulo.

Huminto siya sa tapat nito. “Magandang tanghali, Lolo Serafin,” bati niya sa nagtataakang matanda. Nakakunot pa ang noo nito at sinisipat siya sa suot niyang helmet.

“Ganoon din sa ’yo, Hija,” tugon nito.

Saka lamang nagtanggag ng helmet ang dalaga. Kumawala ang mahaba niyang buhok.

“Nica? Aba’y, ikaw nga ba ’yan?” Nakangiting lumapit ang matanda sa kanya. “Aba’y lalo kang gumanda.” May pagmamalaki sa mukha nito nang napatingin sa paligid at napansing lahat ng naroon ay nakamasid din sa bagong dating. “Pinawi mo ang pagod ng mga narito sa niyugan, Hija,” masaya nitong turan.

“Lolo talaga, hindi nagbabago,” saad niya habang bumababa sa sasakyan.

“Aba’y ikaw din, Hija, mabait pa rin. Mabuti hindi

binago ng lungsod ang iyong ugali at naisipan mo pa ring mamasyal dito sa niyugan sa iyong pagbabalik. Mainit dito lalo na ngayon. Masusunog ka.”

Ngumiti lang siya.

Lumampas sa ulo niya ang paningin nito. “Halika, Hijo,” tawag nito sa kung sinuman sa kanyang likuran.

Marahang pumihit si Veronica upang makita ang tinawag ng matanda.

Her eyes widened in surprise. Nagpupunas ng face towel sa mukha ang lalaki. And he seemed surprised to see her, too. Agad itinakip nito sa dibdib ang damit na kanina ay nakapatong sa balikat.

“Ikaw!” bulalas niya. Hindi niya napigilan ang sariling pagmasdan ito. Ito lang naman ang lalaking laman lagi ng panaginip niya.

2

Gumuhit ang ngiti sa labi ni Mang Serafin sa nakitang pagkagulat sa mga mata ng dalawa.

Ngunit saglit lamang iyon, agad din siyang tumikhim.

“Miss Nica,” anito, “ang aking apo sa pamangkin, si Lloyd.” Nilingon nito ang binata. “Si Miss Veronica Del Rio, nag-iisang anak ni Señor Roman.”

Ang ngiti na inihanda ni Lloyd ay unti-unting naglaho. Bahagya itong yumuko.

“Magandang araw po,” bati nito.

“M-magandang araw naman. Maraming salamat nga pala para sa tulong noong nakaraang linggo.” Si Nica.

“Wala pong anuman. Isa pong karangalan ang mapaglingkuran ang anak pala ni Señor Roman.”

Ibinalik ng dalaga ang tingin sa matandang lalaki. “Lolo Serafin, pakisabi kay Lloyd na alisin ang ‘po’ sa aking pangalan. Sa tingin ko ho, magkaedad lang kami.”

Tumawa ang matanda at tumango sa apo. “Oo nga naman, Hijo. Puwedeng ipakita ang paggalang sa amo sa ibang paraan.”

“At umpisahan ’yon sa pagkuha sa akin ng buko,” nakangiting dugtong niya. “Inom ako ng sabaw.”

“Tulad ng dati,” nakangiti ring tugon ng matanda. Nang mapatingin si Nica kay Lloyd na tumalikod upang ipili na siya ng buko, tinitigan siya ni Mang Serafin.

Kung ganoon, si Nica ang mala-diwatang tinutukoy ng apo sa kuwento nito noong isang linggo. Ang kuwentong inabot yata ng ilang oras bago natapos, at ang dahilan din kung bakit nagboboluntaryo ang binata na mautusan kung ang gagawin ay malapit sa malaking bahay. Nagbabakasakali itong matanaw ang sinasabing dalagang minsang natagpuan. Ang babaeng ayon dito ay napakabango at tila kay sarap yakapin.

Ngunit matapos ang isang linggo ay wala rin itong nakita at hindi na rin nagtanong kung sino ang babaeng iyon. Si Nica pala ang tinitukoy nito, ang nag-iisang anak ng amo.

Nang tumingin ang matanda sa binata ay marahan itong napailing at nagpakawala ng malalim

na buntong-hininga.

“Saan ka pupunta?”

“Ikukuha kita ng baso sa kubo,” tugon ni Lloyd.

“Huwag na, salamat.” Itinaas ng dalaga ang binutasan nang buko na ginawa ng lalaki para sa kanya. Doon na siya uminom gaya ng nakasanayan.

Napalunok si Lloyd sa nakita—her bare soft neck exposed to his eyes. At tila nais niyang saluhin ang ilang patak ng sabaw ng buko na nakakawala sa makipot nitong bibig.

Lloyd, behave. Inilayo niya ang tingin sa dalaga na tila taksong nakapagkit sa isip niya. Her white legs that stretched forever, the candle-shaped fingers na kay lambot nang bumangga sa kamay niya noon. Ipinilig niya ang ulo.

“Ayan. Salamat,” anang dalaga nang matapos ito.

Kinuha ni Lloyd ang buko mula sa kamay nito at inalog para alamin kung may laman pa iyon. Nang makitang may natira pa, dinala niya ang buko sa bibig nang hindi namamalayan ang ginawa. He drank where she drank, with his eyes closed as if kissing

her in his mind.

Nang ibaba niya ang buko, wala na siyang kaharap. Naroon na ang dalaga sa harap ng lolo niya malapit sa kubo. Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan ng binata.

Veronica Del Rio. Her name echoed in his mind. It was a beautiful name, akma sa kagandahang taglay nito.

At tila may sumuntok sa sikmura niya nang matanawan ang paparating na truck ng hacienda. Natitiyak niya, sakay niyon ang ama ng dalaga.

Agad na tumayo si Lloyd at naghintay na makababa ang makapangyarihang matanda. Yumuko siya bilang pagbati rito. Subalit ni hindi siya nito tinapunan ng tingin dahil nakatingin ito sa dalagang anak at sa lolo niya.

“Serafin, narito pala ang aking unica hija sa ’yo,” maawtoridad nitong saad habang naglalakad nang tuwid palapit.

“Katulad noong ng bata pa siya, Señor. Nagpakuha siya ng buko,” anang matanda.

Napatingin ito sa anak. “Mabuti ang paminsan-minsan ay naaarawan ka, Veronica. Pero huwag kang

magpaaraw kapag ganitong tanghali na, namumula ang mukha mo, Hija.” Sumulyap ito sa scooter ng dalaga at umiling. “Sa susunod na mamasyal ka, magsabi ka para gamitin mo ang sasakyang nasa garahe. Magpa-drive ka na lang kay Samuel. Mainit ngayon ang sikat ng araw.”

“Thanks, Papa. Pero mas gusto ko ang mamasyal nang nag-iisa,” malamig na tugon ng dalaga at iniikot ang paningin sa paligid ng niyugan at sa mga tauhang naroon na tila mga langgam na kumilos nang kanya-kanya sa pagdating ng ama.

“Ikaw ang bahala,” turan nito. Bumaling na ito sa matandang katiwala “Siyanga pala, Serafin, ano’ng nangyari sa mga mangga natin?”

“Nakakasama nga ho ang pabago-bagong panahon, Señor. Namumulaklak na ho, pero karamihan ay nalalaglag din pagsapit ng hapon. Hindi ho maganda ang init-lamig na panahon ngayon sa manggahan,” balita ng matanda.

“Ikaw na ang bahala doon, Serafin. Alam kong alam mo na ang dapat na gawin sa manggahan. Magpasabi ka lang sa villa kung ano pa ang kailangan.” Iniikot nito sa paligid ang paningin bago binalingan muli ang anak.

“Hindi ka pa ba uuwi? Ipapahatid kita sa truck. Ikarga na lang ’yang—”

“Hindi pa, Papa. Okay lang po ako dito sa niyugan. Hindi naman gaanong mainit,” awat niya.

“Bueno ikaw ang bahala.” Muli na itong tumalikod.

“Serafin, ikaw na ang bahala sa aking anak,” bilin nito bago sumampa sa truck.

“Makakaasa po kayo, Señor.”

“Ingat, Papa...”

Kumaway ito nang bahagya.

Napatingin lamang ang matandang katiwala sa dalaga. Sa malamang nitong tinig para sa ama. At sa malungkot nitong mata habang nakasunod ng tanaw sa papalayong truck.

“Kakain na,” anunsyo ng isang tinig ng babae mula sa loob ng malaking kamalig. At sumilay na muli ang ngiti sa labi ng dalaga.

“Makikikain ako, Lolo,” masaya niyang saad.

Natatawang napatango ang matanda. “Kahit sa iyo na ang parte ko, Hija. Isang karangalan ang sumabay ka sa aming kumain ngayon.”

“Kaunti lang ho ang kakainin ko.”

“Kahit marami pa, nagbibiro lamang ako. Marami ang pagkain dito sa niyugan, Hija. Sa pagkain ay galante ang iyong ama. Halika na.”

At tulad noong bata pa siya, masayang nakisalo si Veronica sa mga tauhan. Nakikipagkuwentuhan siya sa mga ito.

Si Lloyd ay nakinig lamang. Sa kabilang panig ng mahabang mesa ay pinagmamasdan niya ang dalaga. Tila ito prinsesa sa bawat pagbuka ng labi at pagngiti, sa mabining paggalaw ng kamay.

He never felt this way before, ngunit parang may kung anong init na tumutulay sa katawan niya by just staring at those lips, her tiny hands and those legs. Nakadama siya ng pagkainis sa sarili sa nararamdaman.

Marahas siyang napatayo at sa paggalaw ay natabig ang iniinumang baso na nasa tabi lamang ng kanyang pinggan. “Pasensya na,” paumanhin niya.

“Tapos ka na, Lloyd?” tanong ng isang kasamahan nila. “Kakaunti yata ang kinain mo ngayon.”

Nagkatawanan ang lahat nang tumalikod ang binata. Nakakaramdam ang mga ito sa inaakto

niya. Napasunod lamang ng tanaw ang mga ito sa pagtungo ng binata sa gawi ng kubo.

Napasunod din ng tingin ang dalaga. She was looking intently at the proud strong profile. Ang lalaki ay naiiba sa mga naroon. He was sexy, gorgeous and dangerous.

Huh. Ano ba itong naisip niya?

“Nica, ano na nga ’yung kinukuwento mo?” anang isang babae.

Napatingin ang dalaga sa matandang babaeng nagsalita. “Saan na nga po ako?” balik-tanong niya. Lihim siyang napangiti subalit hindi nagpahalata na nawala siya pansamantala sa iniisip.

Natapos ang masayang kainan, tumayo ang dalaga mula sa kinauupuan nang ililigpit na ang mga kalat na naroon. Sandali siyang nakipagkuwentuhan pa sa mga babaeng noon lamang niya nakita, na mga asawa ng ilang bagong trabahador.

Subalit nang matapos na ang ginagawa ng mga ito ay nakahiyaan na niyang sumunod pa. Naramdaman niyang naiilang ang mga ito sa kanya. Nagpaalam na rin siya at lumabas ng kamalig.

Natutop ni Nica ang bibig kasabay ng pagsinghap nang mapadako sa pintuan ng kubong naraanan. Tatalikod na sana siya ngunit tila may kung anong puwersa na pumigil sa kanya upang umalis at hindi pagmasdan ang nasa harapan.

Natagpuan niya si Lloyd na nakahiga sa kawayang sahig ng kubo. His head pillowed at his folded arms. Kalahating katawan nito ay hubad, showing lean, hard and sexy flesh. Hindi iyon sunog sa araw.

Her eyes travelled down... down to his navel. A soft sigh escaped from her throat when she saw tiny hairs forming a line down below.

Tila may kung anong kiliti ang gumapang sa ilalim ng batok niya.

Veronica, saway niya sa sarili. Agad niyang ibinalik sa mukha na lalaki ang paningin. Only to find out that he was already staring at her. His lips twisted in a knowing smile.

Alam niyang gumapang ang init sa kanyang mukha sa pagkapahiyang naramdaman. Nahuli siya nitong nakatingin sa hubad na katawan nito.

“Mainit ang araw at...” tangka niyang paliwanag kung bakit siya namumula.

“Pasok ka,” bale-walang aya nito.

“Ha?”

“Maupo ka diyan sa pinto kung gusto mo. Hindi ka na maaabot ng sikat ng araw.”

“May kausap kasi si Lolo Serafin. Iyong iba naman nagpapahinga.” Ewan ba niya kung bakit nagpaliwanag pa siya ganoong hindi naman dapat. “Naisipan kong dito muna pumunta.”

“What do you want?”

Muling napatingin si Veronica sa binata. “Nothing. Sige, matulog ka lang. Dito lang ako sa may pintuan. Hihintayin kong mabawasan ang init ng araw.” Napaupo siya malapit sa bukana ng pinto.

“And do you think makakatulog ako habang nariyan ka?”

“Ha?” Kunot-noong nilingon niya ito.

“Gusto mo ng kakuwentuhan?”

Napatitig siya rito. Kanina lang ay parang naiinis ito nang magsalita. Ngayon, his voice changed into a subtle sweetness. At nang ngumiti ito, natigilan siya. His smile was warmest she had seen. It struck her.

“So...” ulit nito.

“Okay lang sa ’yo?” tila bata niyang turan.

His eyes surveyed her face in a leisurely way. Subalit agad din itong naging pormal muli. Bumangon ito, naupo at nagsuot ng t-shirt na naroon sa tabi nito.

“It was my duty, I thought.”

Agad nagpanting ang tainga ng dalaga sa narinig. Nawala ang kanina ay tila pagkaasiwa na naramdaman niya. “Hindi ko sinabi ’yun.” Huminto siya sa pagsasalita nang tumawa ang lalaki.

“Ang dali mong mapikon. Your nose is flaring, Sweetheart.” Muli itong tumawa nang nakakaloko.

Natigilan ang dalaga. He called her ‘sweetheart’. Nobody called her that except for her mother. Bukod doon, parang sanay na sanay itong mag-English.

Wala sa sariling napatitig siya rito, kung gaano katagal ay hindi na niya napansin. Namalayan na lamang niyang nakatitig na rin ang lalaki sa kanya.

“Am I so monstrous?” tanong nito na hindi agad niya naintindihan.

“Ha?”

“You’re looking at me as though I am a monster.”

“Of course not. May naisip lang ako.”

Ngumiti ang lalaki sa kanya. “Malisyosa.”

At hindi niya alam kung bakit hindi siya nagalit sa sinabi ng binata, gayong hindi iyon ang iniisip niya.

She smiled and when he laughed, tumawa na rin siya. Tila nabasa na nila kung ano ang iniisip ng isa’t isa. Their laughter blended into a good sound of music.

Makalipas ang ilang saglit, namalayan na lamang ng dalaga na nagkukuwentuhan na sila ng lalaki. At tila ba matagal na silang magkakilala. They shared stories, wisdom and jokes that made them laughed.

And she was surprised. Ang lalaking nasa loob ng kubo ay hindi lamang basta guwapo kundi may laman din ang utak. Labis ang kanyang pagtataka, subalit nakahiyaan niyang magtanong dahil baka ma-offend ito.

He was obviously a very educated person. Smart ang mga kilos at manner ng pananalita nito, maliban sa tawa nito na tila... malisyoso. At sa mga titig na parang nanunukso.

Ah, siguro sa pandinig at paningin lamang niya iyon. She shook her head to will away the thoughts.

“Mabuti hindi ka naiinip dito sa *Hacienda Del*

Rio,” ani Lloyd.

“No. Half of my childhood was spent here. This is my home. I love it here,” she said dreamily habang nakatanaw sa hilera ng mga puno ng niyog.

Tila namalikmata si Lloyd, habang pinagmamasdan ang kabilang bahagi ng mukha ng dalaga. The dark long lashes veiled her dreamy eyes. Hindi ito mataray o mayabang despite her stature. But he sensed the pride beneath that beautiful gaze. Subalit natural lamang iyon sa isang Del Rio.

“May boyfriend ka bang naiwan sa Maynila?”

Agad napalingon si Veronica dahil sa tanong na iyon. Subalit ang pagtugon ay nawala sa isip niya nang marinig ang ugong ng paparating na sasakyan.

Napakunot-noo siya at napatayo mula sa kinauupuan.

Huminto ang isang *Isuzu Fuego* sa harap ng kubo. Agad na bumaba mula sa sasakyan ang isang babae—si Viola.

Gulat itong napatingin sa kanya ngunit saglit lang ay ngumiti ito.

“Oh, hi. I thought nagkukulong ka sa ’yong kuwarte, Nica. Nandito ka pala.” Napasulyap ito sa

scooter na nakasandal sa puno ng niyog.

Nagkibit-balikat lamang siya sa babae na humakbang palapit sa kubo.

“Have you seen Lloyd?” tanong nito.

Napatabi siya sa gilid nang nagtuluy-tuloy ito palapit sa pinto. Tamang-tama naman na palabas ang lalaki para silipin kung sino ang kausap niya. Dahil nasa loob ito, hindi nito nakita agad kung sino ang bisita.

“Viola!” anito nang matanaw ang bagong dating.

Isang matamis na ngiti at yakap ang isinalubong nito sa binata.

“Hey,” natatawang awat ni Lloyd.

“Huwag ka nang mahiya kay Nica, Darling. She’s used to it. Sa Maynila ’yan nag-aaral,” malambing nitong sabi. Lumignon ito sa kanya and winked her left eye. “Di ba, Nica?”

She forced a smile “Yeah.”

“Anyway, I came here to invite you to my birthday party next day. Gaganapin ito sa villa. Oh I’m so excited. All of my friends are invited. Tito Roman said it’s all right at sa katunayan, the preparation has

started already...”

“Tito Roman?” ulit ni Lloyd. “Akala ko dati, you called him ‘father’.”

Malambing na ngumiti si Viola sa lalaki. “My stepfather, I mean. And anyway, he’s been a father to me. He’ll be marrying my mom soon.” Ang tinig nito ay tila isang bulong sa pandinig niya.

She looked away.

3

“Bakit hindi ka pa nakabihis, Nica?”

Agad napalingon ang dalaga na akmang papasok sana sa komedor nang marinig ang tinig.

“Walang pagkain diyan, Hija. Hindi ako nagpaluto ngayon dahil maraming pagkain sa labas.” Nakangiting lumapit si Magda sa kanya. “Why don’t you join Viola and her friends outside? Masasarap ang pagkain ng catering service na inarkila ni Roman.”

Marahang tumango ang dalaga. “Sige po, lalabas ako mamaya.”

“Okay. Hinahanap ka nga ni Viola, pero sabi ni Yaya Biring, you’re asleep.” Tinapik siya nito sa balikat. “I’ll go ahead. May lakad ako sa bayan. May ipinapabili ang papa mo.”

“Sige po.”

Nang mawala na sa paningin niya ang babaeng kinakasama ng ama ay napailing siya.

“Party complete with catering service,” bulong niya. Siya nga ay hindi humiling ng ganoon sa papa niya. Pero si Viola...

“Nica, Hija...”

Napabaling ang tingin niya. “Yaya...”

“Nagugutom ka na ba? Aakyat nga sana ako sa itaas para tingnan ka.”

“Walang pagkain dito sa loob.”

Napabuntong-hininga ang matanda. “Huwag na daw magluto dahil maraming pagkain sa labas. At talagang marami nga.” Napailing ito.

“Hindi ho ako lalabas.”

“O siya, sige. Magpapakuha ako ng para sa ’yo. Maghintay ka na lamang dito sa loob,” anang matanda at pumihit na patalikod.

Marahang naglakad si Nica patungo sa malawak na living room. Mula sa loob ay tanaw niya ang mga tao sa labas ng malawak nilang bakuran na naiilawan na ngayon ng iba’t ibang kulay ng spotlight.

Ngunit dahil makapal na salamin ang wall ng living room, hindi niya gaanong marinig ang ingay na nagmumula sa labas ng bakuran.

Ang alam niya, nagmula sa kabilang bayan ang mag-inang nakilala ng papa niya. Marahil ang mga bisita ni Viola ay taga-kabilang bayan din.

At si Lloyd?

Agad siyang natigilan sa kinatatayuan. Inimbitahan ni Viola ang lalaki. Nandito din kaya siya?

Iginala niya ang paningin sa paligid ngunit agad ding napahinto nang maisip ang itinawag ni Viola rito.

Darling. Boyfriend na marahil ng babae si Lloyd. Umalis siya sa kinatatayuan at naglakad patungo sa mahabang sofa.

Eh, ano nga ba sa kanya? Bagay ang dalawa at marahil matagal na silang magkakilala.

Ah, Veronica Del Rio. Bakit ka ba nag-aaksaya ng panahong isipin sila? Hindi dapat.

Pero bakit may humaplos na lungkot sa puso niya? Tila tuksong nakita niya sa isip ang mukha ng nakahigang binata.

“Malisyosa.” Parang nakikita pa niya ang nakangiti nitong mata habang sinasabi sa kanya ang salitang iyon.

A smile slowly formed in her lips nang maalala kung paano niya pinaglandas ang paningin sa kabuuan ng dibdib nito pababa sa pusod.

“Nica..”

Napapiksi siya sa gulat at napalingon.

“Bakit tila nangingiti ang alaga ko?” untag ng matandang kasambahay.

Napapangiti ang dalaga na umiling. Ngunit nagtaka din siya na bumalik itong walang dala.

“Nasaan—” Bago niya natapos ang itatanong, lumampas ang tingin niya sa yaya niya. “L-Lloyd,” she whispered nang makita ang lalaki.

“Siya ’yong apo ni Serafin, Hija. At maalala ko, siya iyong naghatid sa ’yo noon. Siya na daw ang magbibitbit ng pagkain. Mabait na bata,” nakangiting saad ng matanda. Lumingon ito sa binata.

“Good evening, Miss Del Rio,” bati ng binatang kanina lang ay iniisip niya. Tangan nito sa dalawang kamay ang tray ng pagkain.

“Pakilapag mo dito sa loob, Hijo. Halika,” aya ni Yaya Biring. Sumunod ito at naglakad patungo sa komedor.

Parang namatanda si Nica habang sinusundan ito ng tanaw. *Speaking of the devil*, naisaloob niya. Tinawag siya nitong ‘Miss Del Rio’ at bahagya pang yumuko. Napakapormal.

At tila ito prinsipal sa kanyang paningin. Matikas ang tindig at ang gandang magdala ng damit.

Wala ang Lloyd na nakita niyang pawisan sa niyugan. He looked dashing... extremely handsome tonight dahil sa suot nitong navy blue long-sleeved polo at faded jeans.

Pero agad din niyang naalala si Viola. Napatingin siya sa malaking pintuan na marahan ding nagsara. Tumayo siya mula sa kinauupuan at naglakad patungong komedor. Bukas na ang dalawang chandeliers sa dining room at naabutan niyang inaayos na ng yaya niya ang pagkain.

Ngunit wala na si Lloyd.

“Dumaan siya sa likod, sumama kay Paking,” anang matanda, nakasulyap sa kanya. “Inimbitahan pala siya ni Viola. Palibhasa guwapo.”

“Si Yaya talaga...”

“Talaga lang. Iyang babaeng ’yan, ay naku.” Halata ang disgusto sa mukha nito.

“Kakain na ho ako.”

“Maupo ka na,” anito.

Habang kumakain, napalingon siya sa back

door kung saan dumaan si Lloyd. At tila may pinong kirot na gumuhit sa kanyang puso na hindi niya maintindihan kung bakit.

Hindi iyon maaari. Ipinilig niya ang ulo sa naisip. Matapos makailang subo ay tumayo na siya. Muli siyang lumabas ng dining room at nagtungong muli sa sala.

Mula roon ay napatingin siya sa bakuran nila. Maraming tao ang naroon at napansin din ng dalaga ang ilang tauhan ng hacienda na abala sa mga gawain. Lahat para lang masunod ang gusto ni Viola.

“Talo ka pa, ano?” Bahagya lamang napaligon ang dalaga sa yaya niya nang marinig ang tinig nito. “Ewan ko ba diyan sa papa mo, pinagbibigyan lagi ang luho na mag-inang ’yan. Kung umasta akala mo—”

“Doon ho maligaya ang Papa,” mahinang tinig niyang tugon. “Nakikita ko ho siyang nakakatawa na ngayon.”

“Eh, paano, madaling magpaikot ang mag-inang ’yon. Kunwari malalambing kapag kaharap siya. Kung alam lang ng papa mo...”

“Ang ano, Yaya?”

Sandaling natigilan ang matanda bago umiling. “Wala naman, may naisip lang ako.” Tumalikod na ito matapos magpaalam.

Siya naman ay tinungo ang maliit na orchidarium sa likurang bahagi ng bahay. Mula roon ay naririnig na niya ang ingay sa front yard. Ang malakas na tugtog ng mga kanta.

Marahan siyang humakbang patungo sa mga bulaklak. Ang mga orchids ay alaga ng mama niya. Hindi lamang libangan, kumikita rin ito mula roon dahil sa mga kaibigan nitong nagkakagusto sa mga orchids nito.

“Kung wala na ako, ang mga bulaklak na ito ang titingnan mo, Sweetheart. Mararamdaman mo ang yakap ko,” anang mama niya noon. Masayang nakangiti sa kanya ang malungkot na mga mata habang nakasakay sa wheelchair. She was dying then of bone cancer.

“Mama...” She blinked back the tears that were forming at the corner of her eyes. “Malungkot ako ngayon. Hindi ko alam kung bakit,” bulong niya habang hinahawakan ang dilaw na orchids na pinakagusto nito.

Dinama niya ng kamay ang talulot ng bulaklak patungo sa itaas na bahagi nito kung saan naroon ang napakarami pang suhi na tumutubo. Subalit lumampas ang paningin niya at may nahagip ang mga mata sa labas ng maliit na farm house.

He was looking at her. At ewan niya kung bakit kahit may kalayuan ang distansya nila, tila nakikita niya ang malalim nitong mga mata. Bahagya niyang itinuwid ang ulo kasabay niyon ang pagbaba ng binata sa hawak nitong goblet.

At parang may nag-utos sa kanya mula sa likurang bahagi ng kanyang utak. Siguro dahil nasa malayo ito kaya malakas ang loob niya. She tilted her head, smiled at him sweetly bago humakbang patungo sa iba pang punong naroon.

Parang isang teenager na kinikiliti ang mga ngiti niya habang tinitingnan ang mga orchids sa kanyang harapan na nakasabit at nakakapit sa mga suhay nito.

She smiled at him in a flirting way. At hindi siya makapaniwalang ginawa niya iyon sa isang tulad ni...

Napahinto siya sa paghakbang. Babalik na sana siya sa loob ng bahay nang makita ang isang pares ng naka-pormal na sapatos sa dadaanan niya.

Unti-unti ang paglakbay pataas ng mga mata

niya. She held her breath nang mapagsino ang kaharap niya. “L-Lloyd!”

“Baka may ahas dito. Walang tutulong sa ’yo kapag nakagat ka,” seryoso nitong tugon habang iginagala ang mga mata sa paligid.

Napangiti si Veronica. “Walang ahas dito. Naka-net ang buong paligid.”

“Bakit hindi ka nakihalubilo sa labas?” pag-iiba nito ng usapan.

“They’re Viola’s friends,” maikling turan niya.

“Hindi mo kauri.”

Napatingin siya sa lalaki at napakunot-noo. Sinasabi ba nitong snob siya? “Hindi ako kagaya ng iniisip mo. And besides, it’s Viola’s birthday.”

He raised one brow at saglit na napasulyap sa kanya.

“Kung mapagmataas ako, hindi kita dapat kinakausap ngayon, Lloyd.”

“I know.”

Sandali niya itong tinitigan at nang walang maisip sabihin. “Papasok na ako sa loob,” paalam niya.

Napatingala ang binata sa langit kasabay ng malalim na buntong-hininga, bago napatingin sa kanya nang tuwid sa dalaga. “V-Veronica...”

Napangiti ang dalaga sa narinig at napailing. “Kanina lang, ‘Miss Del Rio’ ang tawag mo sa akin,” saad niya.

Ngunit ang ngiti ay unti-unting nabura sa labi nang makitang titig na titig ang lalaki sa kabuuan ng kanyang mukha.

“Kung ikaw lang at ako ang nasa isang lugar, pakiramdam ko magkauri lang tayo,” halos pabulong nitong saad subalit malinaw niyang narinig.

Napanganga siya. “L-Lloyd—”

“I’m sorry. Pero kapag ngumingiti ka sa akin, nakakalimutan ko na nasa itaas ka at isang Del Rio.”

Napalunok siya; hindi malaman ang sasabihin. “Ahm...”

“I came here to see you. Hindi upang dumalo sa imbitasyon ni Viola. But I’m thankful that I was invited, may dahilan para makapunta ako dito sa villa.” He smiled, ipinasok ang dalawang kamay sa bulsa ng pantalon at muling inilayo ang tingin.

Naumid ang dila ng dalaga. Sa isang dako ng

puso niya ay tila may kung anong lumundag. It was a strange feeling... mixed emotions that she could not understand.

“I... I need to get inside,” sa halip ay aniya.

Napatingin sa kanya ang binata. “I know it’s madness. I’m sorry, it must be the wine. Nakainom lang.”

Pinilit niyang magsalita kahit naiilang. “It’s all right. Naiintindihan ko.”

“Really?” Tumawa ito nang mapakla. “Alam ko sa ilalim ng makapal na pilik-matang ’yan, pinagtatawanan mo ako. Katulad noong matapos mong makipagtawanan sa akin sa kubo. Umalis ka lang nang hindi nakaalalang magpaalam.”

“May—”

“Naintindihan ko din,” awat nito at pumihit patalikod. “Sino nga ba ako para pag-aksayahan mo ng panahon.”

Nang humakbang ito ay napahakbang din siya. Parang nakaramdam siya ng guilt. Hinawakan niya ito sa braso. “Wait.”

Napahinto ang binata at napatingin sa kamay niyang nakakapit dito.

Marahan niyang inalis ang kamay na tila napaso siya. “Gusto kitang maging kaibigan.” Iyon ang nasabi niya.

Napatuwid ang binata at marahang tumango. “Kaibigan,” ulit nito. “Salamat.” Tumalikod itong muli at humakbang na pabalik sa pinanggalingan nito.

Nakasunod lamang si Veronica rito; iniisip kung may mali sa sinabi niya. Hindi napag-isipan, bigla siyang nagtanong, “Matagal na ba kayong magkasintahan ni Viola?”

“Si Viola?” Huminto ito sa paghakbang at kunot-noong humarap sa kanya.

Kimi siyang napangiti dahil sa pagtitig nito. Pero nauna siyang nagbaba ng tingin at saka humakbang palayo rito. Parang gusto niyang takpan ang mga tainga; hindi niya gusto marinig ang sagot nito tungkol sa estado na relasyon nito kay Viola.

Nagulat siya nang abutin nito ang siko niya. “V-Veronica.”

His slightly calloused hand gripped her flesh at napahinto siya. Ngunit kasabay din iyon ng isang tinig na nagpasinghap sa kanya.

“Veronica!”